Republic of the Philippines
Department of Health
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**

**FDA ADVISORY**
No. 2019-130-A

29 MAY 2019

**PARA** : **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

**PAKSA** : **Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Hindi Rehistradong Gamot na:**

1. **YIGANERJING Chinese Medicine Cream**
2. **Ketoconazole+Clobetasol Propionate Cream SF PKW Cream (Antifungal/Antipruritic/Anti-Inflammatory)**
3. **Triamcinolone Acetonide Acetate+Miconazole Nitrate+Neomycin sulfate Cream SF PKS Cream (Antifungal/Antibacterial/Anti-Inflammatory)**
4. **Fluocinonide Acetate and Borneol Cream**

---

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga hindi rehistradong gamot na:




**YIGANERJING Chinese Medicine Cream**

Larawan 1. Hindi rehistradong gamot

Civic Drive, Filinvest City, Alabang 1781 Muntinlupa, Philippines
Trunk Line +63 2 857 1900 Fax +63 2 807 0751
Website: www.fda.gov.ph Email: info@fda.gov.ph
TÜVRheinland Management System ISO 9001:2015





**Ketoconazole+Clobetasol Propionate Cream**
**SF PKW Cream**
**(Antifungal/Antipruritic/Anti-Inflammatory)**

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot




**Triamcinolone Acetonide Acetate+Miconazole Nitrate+Neomycin sulfate Cream**
**SF PKS Cream**
**(Antifungal/Antibacterial/Anti-Inflammatory)**

Larawan 3. Hindi rehistradong gamot




**FLUOCINONIDE ACETATE AND BORNEOL CREAM**
**By: Tianjin Kingyork Pharmaceuticals Co., Ltd.**

Larawan 4. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang nasabing mga gamot ay hindi dumaan sa proseso ng rehistrasyon ng ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificates of Product Registration* (CPR).

Alinsunod sa *Republic Act No*. 9711, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Gayundin, dahil ang mga hindi rehistradong produktong ito ay hindi dumaan sa proseso ng pagsusuri at pag-eeksamin ng FDA, hindi masisiguro ng ahensya ang epekto, kalidad at kaligtasan ng mga nito. Ang nasabing mga iligal na produkto ay maaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito.

Ang publiko ay pinapaalalahanang huwag bumili ng nasabing mga iligal na produkto at maging maingat laban sa mga gamot na maaring hindi rehistrado sa FDA. Ugaliing tingnan kung ang gamot ay rehistrado sa FDA bago bilhin, sa pamamagitan ng paggamit ng *Search feature* ng FDA *website* sa www.fda.gov.ph. Maaari ring tingnan ang FDA *Registration number* sa *label* ng produkto.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing mga iligal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon, sapagkat kaukulang parusa ay mahigpit na ipatutupad.

Pinapakiusap sa Bureau of Customs na harangin ang mga napatunayang hindi rehistradong gamot sa lahat ng port of entry ng bansa.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-*email* sa **info@fda.gov.ph**. Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-*email* sa **report@fda.gov.ph**, o mag-*report* gamit ang aming *online reporting facility*, ***eReport***, sa **www.fda.gov.ph/ereport**. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong **(02) 809-5596**. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-*report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: **www.fda.gov.ph/adr-report-new** at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

**ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD, DPBO**
Undersecretary of Health
Officer-in-Charge, Director General